# Maikling Pangkonsultasyong Gabay: Pagsisiyasat ng Parlyamento sa Voluntary Assisted Dying

Tinatalakay ng Maikling Pangkonsultasyong Gabay na ito ang mga sensitibong paksa.
Kung kailangan ninyo ng suporta, maaari ninyong kontakin ang Lifeline sa 13 11 14 o ang 13YARN sa 13 92 76.

Ang Legal and Constitutional Affairs Committee ng Parlyamento ay hinilingang makipag-konsulta sa komunidad tungkol sa Voluntary Assisted Dying (VAD) *[Boluntaryong May-Tulong na Pagyao]*. Naglathala ang Committee ng Consultation Paper na tumatalakay sa posibilidad na gumawa ng mga batas ng VAD sa Northern Territory (NT).

## *Ano ang VAD?*

Ang VAD ay nagbibigay ng opsyon sa isang tao na may terminal na kalagayang-medikal para makahiling ng medikal na tulong upang tapusin ang kanyang buhay sa oras na siya ang magpapasya. Makukuha lamang ito ng mga tao na makakatugon sa ilang mga partikular na eligibility criteria (mga pamantayan ng pagiging marapat), at ito ay dapat maging isang kusa at may-kaalamang pagpapasya. Hindi katulad sa ibang lugar sa Australya, ang VAD ay hindi legal sa NT.

## *Mga pangunahing tanong*

Nais naming malaman ang inyong saloobin tungkol sa mga sumusunod na tanong:

1. Sinusuportahan ba ninyo na gawing legal sa NT ang VAD?
2. Anong eligibility criteria ang dapat matugunan ng isang tao bago siya maka-access sa VAD?
3. Paano matitiyak ng NT na ang isang marapat na tao ay makaka-access sa VAD sa isang ligtas at epektibong paraan, kabilang ang mga taong naninirahan sa malalayong lugar (remote areas) at mga taong Aborihinal at Torres Strait Islander?
4. Paano masusubaybayan ng NT ang proseso para matiyak na ang VAD ay maihahatid nang ligtas at epektibo?

## *Paano kayo makakapagbigay ng inyong opinyon*

Hinihikayat namin kayong sumulat sa Committee. Ang petsa ng pagsasara para sa mga submission (pagsusumite) ay **Agosto 29, 2025.** Ang mga submission ay dapat ipadala sa email sa LA.VAD@nt.gov.au. Dapat kasama sa email ang inyong pangalan, pangalan ng inyong organisasyon (kung nararapat), at ang inyong postcode. Maaari rin ninyong kontakin ang Committee sa (08) 89461442 para magbigay ng pasalitang submission o magtanong tungkol sa ginagawang Pagsisiyasat ng Committee.

### *Ang susunod na mga hakbang*

Ang inyong mga opinyon ay pagbabatayan ng isang report, na nilalayong ihaharap ng Committee bago dumating ang **Setyembre 30, 2025**. Hihingi rin ang Committee ng mga opinyon sa mga pampublikong konsultasyon sa buong NT. Matatagpuan ang iba pang impormasyon sa:

https://parliament.nt.gov.au/committees/list/legal-and-constitutional-affairs-committee/VAD.